

Pamublikong Update sa COVID-19 – ika-27 ng Abril 2020

UPDATE MULA SA KEMH

Karagdagang labing-siyam (19) na swabs ang papunta na sa UK ngayong araw gamit ang Airbridge bilang pagsasagawa ng KEMH sa regular na pagbabantay para sa COVID-19.

EDUKASYON

Susuriin ng Gobyerno ngayong linggo ang mga kasalukuyang payo sa pagsasara ng mga paaralan at nurseries. Inanunsyo naming noong ika-26 ng Marso na ang mga paaralan ay mananatiling nakasara hanggang sa ika-4 ng Mayo. Upang ipahintulot ang mga karagdagang pagsasaalang-alang at magbigay ng oras para sa nauugnay na pagpapalano, pinapayuhan ang mga magulang sa yugtong ito na ang mga paaralan at nursery ay hindi magbubukas bago ang 11 Mayo. Ang mga impormasyon na may kinalaman sa mga paaralan ay ibibigay sa loob ng linggong ito kasunod ng mga karagdagang talakayan kasama ang mga Miyembro ng Legislative Assembly at sa konsiderasyon ng Executive Council.

ABISO PARA SA MAS MALAWAK NA MGA PAGHIHIGPIT

Pinag-aaralan din ang mga abiso para sa mas malawak na mga panukalang paghihigpit. Ang kahit anong mga pagbabago sa mga kasalukuyang pagsasaayos ay ianunsyo sa loob ng linggong ito.